



CBS803 Batas at mga Propeta, Part 1

3) Basahin: Matthew 5:17-26. Hindi nagpunta si Cristo dito sa lupa upang pawalang kabuluhan ang Batas o ang Mga Propeta. Bagkos ay nagpunta Siya rito upang bigyan ng katuparan ang mga ito. Sinabi Niya na hindi mababawasan ang Batas ng kahit kaliit-liitang letra o pilantik ng pluma hanggang hindi nagugunaw ang mundo at ang lahat-lahat ay nagkaroon na ng katuparan. Hindi binabale-wala ng alagad ni Cristo ang Batas. Bagkos, ang kahulugan at kadahilanan ng mga ito ay kanyang inuunawa upang siya ay matulungang mamuhay na may kabanalan.

a) **Ang tungkol sa tamang katuwiran.** Ang mga sumusuway sa kaliit-liitang utos at nandaramay pa ng iba upang sila man ay magkasala ay tatawaging gapiranggot sa kaharian ng langit, subalit silang mga nagsasapamuhay at nagtuturo ng mga kautusan ay tatawaging gahigante sa kaharian ng langit. Sa bahaging ito, dapat nating isa-alaala na ang buong sansinukob ay bahagi ng kaharian ni Cristo; maging bahagi ng kasamaan man o ng kabutihan. Ang lahat ay may pananagutan sa Kanya.

Sinabi pa ni Cristo na kung hindi mo lalampasan ang katuwiran ng mga pariseo at mga guro ng batas, siguradong hindi ka makapapasok sa kaharian ng langit. Ang nakasulat sa pagitan ng mga salitang laman ng mga pangungusap na ito ng Panginoon ay ito: Walang makalalampas sa katuwiran ng mga pariseo at mga guro ng batas kung ang pag-uusapan ay katuwiran na nagmumula sa pagsunod sa batas ng Diyos. Subalit sila man ay kapos sa kaluwalhatian ng Diyos na nagde-*demand* ng *perfection*. Si Cristo lamang ang nasumpungan na walang sala o walang bahid ng karumihan ng kasalanan. Kaya nga ang sabi sa 2 Corinthians 5:21 na tumutukoy sa hiwaga ng relasyon ng mananampalataya at ng Panginoon ay ito: *Siya ay ginawang kasalanan para sa atin, Siya na hindi nagkasala, upang sa Kanya tayo ay maging katuwiran ng Diyos.* Napasa-ating mga alagad ni Cristo ang Kanyang *perfect righteousness* nang Kanyang pasanin sa sariling katawan ang lahat ng ating pagkakasala. Kaya nga, wala tayong lahat na maipag-mamalaki. Ang ating sariling katuwiran na bunga ng ating pagsunod sa Batas ay laging kapos sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang binibigyang diin dito ng Panginoon ay ang motibo sa pagsunod sa Batas – ang espiritu ng batas, hindi ang letra. Ang motibo ay nasasa puso ng tao. Hindi talaga mauunawaan si Cristo ng mga taong ang paniniwala ay kalulugdan sila ng Diyos o maliligtas sila sa pamamagitan ng pagsunod sa Batas; tulad ng mga pariseo noon, at tulad din ng maraming mga pari, pastor o ano mang *religious leaders* sa ating panahon. Dapat ipaliwanag nang mabuti sa mga alagad ni Cristo na ang naliligtas sa kaparusahang kamatayan ng kanilang kasalanan ay ang mga nagtitiwala sa Salita ng Diyos, at hindi ang mga naniniwala sa sarili nilang katuwiran o pagka mabuting tao. Sinasabi sa Bibliya na ang Diyos ay nakatingin sa puso ng tao. Tulad ng nasabi na, ang motibo ng ating mga gawa ay nagmumula sa puso.

May dalawang uri ng motibo: 1) ang motibo na nagsasabing – gagawin ko ang mabuting bagay na ito dahil tatanggapin o kalulugdan ako ng Diyos, o 2) gagawin ko ang mabuting bagay na ito sapagkat ito ay magdudulot ng kasiyahan sa Diyos o ito ay ayon sa kalooban ng Diyos. Ang dapat nating itanong sa ating sarili kung magdedesisyon tayo na gumawa ng isang bagay ay: kanino ako nakatingin, sa aking sarili o sa

Diyos? Ito ang prinsipyong itinuturo ni Cristo sa bahaging ito ng Kanyang sermon. Ang kasalanan ay nagmumula at nabubuo sa puso ng tao; ang pagsunod sa Batas ay bunga at hindi paraan ng pagbibigay kasiyahan sa Diyos.

b) **Ang tungkol sa galit.** Ang galit ay nauuwi sa insulto at pagkatapos ay sa pagtawag ng *gago* o *ulol*. Kung nangyari ito sa iyo, sa mata ng Diyos ay para mo na ring pinatay ang taong iyon. At kung ito nga ay nangyari sa iyo, ang nararapat mong gawin ay humingi ng areglo bago ka pa man manalangin sa Diyos. At bago pa man lumaki ang usapin, ang kalooban ng Diyos para sa iyo ay ayusin ang gulo na nilikha ng iyong galit. Ang prinsipyong nakapaloob dito ay ito: Mag-ingat ka sa pagsasalita o pagkilos kung ikaw ay galit. Mabuti pang magpalamig ka muna bago ka mag-react sa sitwasyong iyong kinalalagyan na nagpapakulo ng iyong galit. *Walk away*, sabi nga sa english. Lumakad ka muna nang palayo. Nang sa ganoon ay makapag-isip-isip ka muna at mahinto ang pag-init ng iyong ulo. Mahirap isagawa ito nang walang *prior commitment* kapag dumating ang ganitong pangyayari. Dapat na angkinin mo muna na ito ay kasama sa gabay ng iyong buhay; kasama sa iyong *lifestyle*.

Multiple Choice:

1. Sa Mateo 5:17, sinabi ni Jesus, “Huwag ninyong isiping naparito ako upang pawalang-bisa ang Kautusan o ang mga Propeta; naparito ako upang _____ sila.”
 - a. bigyang katuparan
 - b. ipagwalang-bahala
 - c. talikuran
 - d. palitan
2. Sa Mateo 5:23-24, ano ang itinuro ni Jesus sa kanyang mga tagasunod na gawin bago maghandog sa altar?
 - a. Iwanan ang kanilang alay at makipagkasundo sa kanilang kapatid.
 - b. Magbigay ng mas malaking alay.
 - c. Kausapin muna ang pari.
 - d. Ipagwalang-bahala ang pagkakasala ng kanilang kapatid.
3. Ano ang sinabi ni Jesus sa Mateo 5:22 tungkol sa pagtawag sa isang tao ng ulol?
 - a. Ito ay isang mabigat na kasalanan na karapat-dapat sa apoy ng impiyerno.
 - b. Ito ay isang banayad na pagkakasala at madaling mapatawad.
 - c. Ito ay katanggap-tanggap kapag nabigyang-katwiran ng sitwasyon.
 - d. Ito ay karaniwang gawain ng mga Pariseo.
4. Paano natin magagamit sa pang-araw-araw na buhay ang prinsipyo ng katuwiran at ang labis na katuwiran na binanggit sa Mateo 5:20?
 - a. Magsumikap na ipakita ang sariling katuwiran upang makuha ang papuri ng iba.
 - b. Ang pagkakaroon ng pagkaunawa na ang tunay na katuwiran ay nagmumula sa isang nagbagong puso, na may lubos na pagtitiwa sa salita ni Cristo.
 - c. Gamitin na batayan ang sariling pamantayang moral sa ibang tao.
 - d. Ipagwalang-bahala ang kabuuang prinsipyo ng katuwiran sapagkat ito ay subjective.

5. Sa panahon ngayon, paano mo maisasabuhay ang babala ni Jesus patungkol sa galit na mababasa sa Mateo 5:21-22?
 - a. Huwag tayo magpahayag ng galit kahit na sa mga makatwirang sitwasyon.
 - b. Ipakita ang iyong galit kung pinukaw.
 - c. Sikaping makipagkasundo at lutasin ang hindi pagkakaunawaan sa halip na itago ang galit.
 - d. Balewalain ang mga salungatan at umiwas sa komprontasyon.

6. Paano mo maisasapamuhay ang prinsipyo na itinuturo ni Jesu Cristo sa Mateo 5:22?
 - a. Malaya kang mang-insulto at pumuna ng iba upang pagpilitan ang gusto mo.
 - b. Iwasan ang lahat ng uri ng pagpuna o hindi pagkakasundo.
 - c. Maging maingat sa iyong pananalita at iwasan mang-insulto ng iba.
 - d. Maaari mong gamitin ang salitang ito sa matinding sitwasyon.

7. Ano ang magandang gawin kung ikaw ay galit?
 - a. Magreact agad sa iyong kausap at makipagtalos.
 - b. Ipaalam ang dahilan ng iyong ikinagagalit.
 - c. Magpalamig muna ng init ng ulo upang maisawan makapagbitaw ng mga salitang makakasakit.
 - d. Ang magiging response ay depende sa iyong kausap.

